

LUNGSOD NG SANGER
POLISIYA SA PAGTIGIL NG TUBIG DAHIL SA HINDI-PAGBABAYAD NG
RESIDENSYAL NA SERBISYO SA TUBIG

Dapat na gamitin ang Polisiya sa Pagtigil ng Tubig dahil sa Hindi-Pagbabayad ng Residensyal na Serbisyo sa Tubig na ito sa pagtigil ng Lungsod sa residensyal na serbisyo sa tubig dahil sa hindi-pagbabayad sa ilalim ng mga probisyon na inihayag nito. Sa kaganapan ng anumang salungatan sa pagitan ng Polisiyang ito at anumang ordinansa, polisiya, o patakaran ng Lungsod, ang Polisiyang ito ang mananaig.

I. Aplikasyon ng Polisiya; Ugnayan ang Numero ng Telepono: Dapat tanging sa residensyal na serbisyo sa tubig dahil sa hindi-pagbabayad gamitin ang Polisiyang ito. Hindi gagamitin ang Polisiyang ito sa iba pang mga utility ng Lungsod.

Patuloy na gagamitin ang mga umiiral na polisiya at pamamaraan ng Lungsod sa mga komersyal at industriyal na account sa serbisyo sa tubig. Maaaring maabot ang Lungsod sa (559) 876-6300 option 1 para sa tulong tungkol sa pagbabayad ng mga bayarin sa tubig at ang potensyal na pagtatatag ng mga alternatibong inihayag sa Polisiyang ito para maiwasan ang pagkakatigil ng serbisyo.

II. Pagtigil ng Residensyal na Serbisyo sa Tubig dahil sa Hindi-Pagbabayad:

A. Pag-iisyu, Takdang Petsa, at Pagbabayad ng Bayarin: Ipinadadala sa bawat konsyumer ang mga bayarin para sa serbisyo sa tubig sa simula ng bawat buwan para sa serbisyo sa tubig ng nagdaang buwan. Dapat bayaran ang mga kabayaran sa o bago ang petsang nakatakda sa bayarin sa tubig (ang “**Takdang Petsa**”). Maaaring gawin ang pagbabayad sa Kagawaran ng mga Administratibong Serbisyo ng Munisipyo na matatagpuan sa 1700 7th Street, Sanger, CA 93657 o sa website ng pagbabayad sa utility ng Lungsod sa www.ci.sanger.ca.us. Gayunpaman, responsibilidad ng konsyumer na tiyaking matatanggap ng Kagawaran ng mga Serbisyo sa Tubig ng Munisipyo ang mga kabayaran sa tamang panahon. Kakalkulahin ang mga bayarin tulad ng sumusunod:

1. Babasahin ang mga metro nang may regular na agwat para sa paghahanda ng mga pana-panahong bayarin at gaya ng kinakailangan para sa paghahanda ng mga panimulang bayarin, pagsasarang bayarin, at ispesyal na bayarin.

2. Ipapakita ng mga bayarin sa mga naka-metrong serbisyo ang pagbasa sa metro para sa kasalukuyan at nakaraang panahon ng pagbasa sa metro kung saan naka-isyu ang bayarin, bilang ng mga yunit, petsa, at mga araw ng serbisyo para sa pagbasa sa kasalukuyang metro.

B. Mga Bayaring Lampas na sa Taning: Ang mga sumusunod na patakaran ay naaangkop sa mga konsyumer na may bayaring nananatiling hindi nababayaran nang higit sa animnapung (60) araw mula sa Takdang Petsa:

1. Mga Account na may Maliit na Balanse: Kung mas mababasa \$35 ang nananatiling hindi nababayaran sa anumang paniningil, idadagdag ito sa susunod na panahon ng paniningil.
2. Abiso sa Lampas sa Taning na Bayarin: Kung hindi nagawa ang pagbabayad sa bayarin sa Takdang Petsa, magpapadala ng isang abiso sa lampas na sa taning/delingkwenteng pagbabayad (ang “Abiso sa Lampas na Taning”) sa konsyumer ng pitong (7) araw ng negosyo bago ang posibleng petsa ng pagtitigil ng serbisyo na nakasaad sa Abiso sa Lampas na Taning. Kung ang adres ng konsyumer ay hindi ang adres ng ari-arian kung saan ibinibigay ang serbisyo, ipadadala rin ang Abiso sa Lampas na Taning sa adres ng ari-ariang pinagseserbisyuhan, na nakapangalan sa “Nakatira.”

Ang Abiso sa Delingkwente ay dapat maglaman ng sumusunod:

- a) Pangalan at adres ng konsyumer;
- b) Halaga ng pagka-delingkwente;
- c) Petsa kung kailan dapat magawa ang pagbabayad o kaayusan sa pagbabayad para maiwasan ang pagkakatigil ng serbisyo;
- d) Paglalarawan sa proseso ng pag-aapply para sa palugit sa oras na makabayad sa utang na halaga (tingnan ang Seksyon III(D), sa ibaba);
- e) Paglalarawan sa pamamaraan para makapag-petisyon para sa pagrepaso at apela ng bayarin na dahilan ng pagka-delingkwente (tingnan ang Seksyon IV, sa ibaba); at
- f) Paglalarawan ng pamamaraan kung saan maaaring humiling ang konsyumer ng isang pinagpaliban, inamortisahan, binawasan o alternatibong iskedyul ng pagbabayad (tingnan ang Seksyon III, sa ibaba).

Bilang kahalili maaaring magbigay ng abiso ang Lungsod sa konsyumer para sa nalalapit na pagtitigil ng serbisyo sa pamamagitan ng telepono. Kung ibinigay ang abiso sa pamamagitan ng telepono, kailangang alukin ng Lungsod ang konsyumer ng kopya ng Polisiyang ito at alukin ding talakayin sa konsyumer ang mga pagpipilian para sa mga alternatibong pagbabayad, gaya ng inilarawan sa Seksyon III, sa ibaba, at ang mga pamamaraan para sa pagrepaso at apela sa bayarin ng konsyumer, gaya ng inilarawan sa Seksyon IV sa ibaba.

3. Hindi Maignayan ang Konsyumer: Kung hindi maugnayan ng Lungsod ang konsyumer sa pamamagitan ng nakasulat na abiso (hal., isang abisong ipinadala sa sulat na bumalik bilang hindi natanggap) o sa pamamagitan ng telepono, magsasagawa ang Lungsod ng isang kagandahang-loon na pagbisita sa tirahan at mag-iwan, o gumawa ng ibang kaayusan para maglagay sa isang hayag na lugar, ng isang abiso ng nalalapit na pagtitigil ng serbisyo dahil sa hindi-pagbabayad, at isang kopya ng Polisiyang ito.

4. Singil sa Pagiging Huli: Ang Singil sa Pagiging Huli, gaya ng tinukoy sa mga bayarin at singil ng Lungsod, ay dapat na tasahin at idagdag sa natitirang balanse sa account ng konsyumer kung ang utang na halaga sa account na iyon ay hindi pa rin nababayaran sa o bago ang takdang petsa sa Abiso ng Lampas sa Taning.

5. Deadline sa Pagtigil: Ang kabayaran para sa mga singil sa serbisyo ng tubig ay kailangang matanggap sa Kagawaran ng mga Administratibong Serbisyo ng Munisipyo nang hindi lalampas ng 9:00 AM sa petsang tinukoy sa Abiso ng Lampas sa Taning. Ang mga postmark ay hindi tatanggapin.

6. Abiso sa Bumalik na Tseke: Sa pagtanggap ng isang bumalik na tseke na ibinigay bilang ipinadalang bayad sa serbisyo sa tubig o iba pang singil na may kaugnayan sa tubig, hindi kikilalanin ng Lungsod na bayad ang account. Susubukang personal na abisuhan ng Lungsod ang konsyumer at mag-iwan ng abiso ng pagwawakas ng serbisyo sa tubig sa lugar. Puputulin ang serbisyo ng tubig kung ang halaga ng bumalik na tseke at ang singil sa bumalik na tseke ay hindi nabayaran sa tinukoy na takdang petsa sa abiso, na ang takdang petsa ay hindi dapat mas maaga kaysa sa petsang tinukoy sa Abiso sa Lampas sa Taning; o kung ang Abiso sa Lampas sa Taning ay hindi kaagad na naibigay, hindi mas maaga kaysa sa ika-animnapung (60th) araw pagkatapos ng invoice kung kailan isinagawa ang pagbabayad sa pamamagitan ng bumalik na tseke. Para tubusin ang bumalik na tseke at para bayaran ang singil sa bumalik na tseke, lahat ng utang na halaga ay kailangang bayaran sa pamamagitan ng cash (salapi), credit card, debit card o sertipikadong pondo.

7. Bumalik na Tsekeng Inihandog Bilang Kabayaran sa Pinutol na Serbisyo sa Tubig Dahil sa Hindi-Pagbabayad:

Kung ang tsekeng inihandog at tinanggap bilang kabayaran na nagresulta sa panunumbalik ng serbisyo sa account na naputol dahil sa hindi-pagbabayad ay ibinalik bilang hindi naibibili, maaaring putulin ng Lungsod ang nabanggit na serbisyo sa tubig sa tatlong (3) araw sa kalendaryo ng pagbibigay ng nakasulat na abiso. Maibabalik lamang ang account ng konsyumer kung mababayaran ang mga natitira pang singil sa porma ng cash, credit card, debit card, o sertipikadong pondo. Kapag naibalik ang account ng konsyumer, isang taong markado ang account na nagpapahiwatig sa katotohanang nag-isyu ang konsyumer ng hindi nabibiling tseke. Sa kaganapang iyon, ang tanging porma ng kabayaran na tatanggapin para sa isang taong panahong ito ay cash, credit card, debit card, o sertipikadong pondo.

C. Mga Kondisyong Nagbabawal sa Pagtitigil: Hindi dapat itigil ng Lungsod ang residensyal na serbisyo sa tubig kung matutugunan ang lahat ng mga sumusunod na kondisyon:

Mga Kalagayang Pangkalusugan – Nagsumite ang konsyumer o nangungupahan sa konsyumer ng sertipikasyon ng isang tagapagbigay ng pangunahing pangangalaga na ang pagtitigil ng serbisyo sa tubig ay maaaring (i) maging banta sa buhay, o (ii) maglagay ng matinding banta sa kalusugan at kaligtasan ng isang taong naninirahan sa ari-arian;

Kawalan ng Pinansyal na Kakayahan – Ipinakita ng konsyumer na siya ay walang kakayahang bayaran ang serbisyo sa tubig sa loob ng normal na siklo ng paniningil ng sistema ng patubog. Kikilalaning “walang pinansyal na kakayahang magbayad” ang konsyumer kung sinumang miyembro ng sambahayan ng konsyumer ay: (i) kasalukuyang tumatanggap ng mga sumusunod na benepisyo: CalWORKS, CalFresh, pangkalahatang tulong, Medi-Cal, SSI/State Supplementary Payment Program o California Special Supplemental Nutrition Program para sa mga Kababaihan, Sanggol at Bata; o (ii) kapag ipinahayag ng konsyumer na ang taunang kita ng sambahayan ay mas mababa sa 200% ng pederal na antas ng kahirapan; at

Mga Alternatibong Kaayusan sa Pagbabayad – Pumapayag ang konsyumer na pumasok sa isang kasunduan sa amortisasyon, alternatibong iskedyul ng pagbabayad o plano para sa pagpapaliban o pagbabawas sa kabayaran, naaalinsunod sa mga probisyon ng Seksyon III, sa ibaba.

D. Proseso para sa Pagpapasiya sa mga Kondisyong Nagbabawal sa Pagtitigil ng Serbisyo: Ang pasanin ng pagpapatunay sa pagsunod sa mga kondisyong inilarawan sa Subdibisyon (C), sa itaas, ay nasa konsyumer. Upang mabigyan ang Lungsod ng sapat na panahong iproseso ang anumang kahilingan para sa tulong ng konsyumer, hinihikayat ang konsyumer na ibigay sa Lungsod ang mga kinakailangang dokumentasyong nagpapakita ng mga isyung medikal sa ilalim ng Subdibisyon (C)(1), kawalan ng pinansyal na kakayahan sa ilalim ng Subdibisyon (C)(2) at ang pagpayag na pumasok sa anumang alternatibong kaayusan sa pagbabayad sa ilalim ng Subdibisyon (C)(3) sa pinakamaagang makakaya bago ang anumang iminungkahing petsa sa pagtitigil ng serbisyo.

Pagkatanggap ng nasabing dokumentasyon, ang Direktor ng mga Administratibong Serbisyo ng Lungsod, o ang kanyang itinalaga, ay irerepaso ang dokumenatasyon at tutugon sa konsyumer sa loob ng tatlong (3) araw sa kalendaryo o aabisuhan ang konsyumer na kinakailangan ang karagdagang impormasyon o aabisuhan ang konsyumer tungkol sa napiling pagbabayad.

Ang mga konsyumer na mabibigong matugunan ang mga kondisyong inilarawan sa Subdibisyon (C), sa itaas, ay kailangang bayaran ang delingkwenteng halaga, kabilang ang anumang mga multa at iba pang singil, na utang sa Lungsod sa loob ng: (i) dalawang (2) araw ng negosyo pagkatapos ng petsa ng pag-aabiso ng Lungsod na napagpasiyahan

nito ang pagkabigo ng konsyumer na matugunan ang mga kondisyong iyon; o (ii) ang petsa ng nalalapit na pagkatigil ng serbisyo, gaya ng tinukoy sa Abiso ng Lampas sa Taning.

E. Mga Ispesyal na Patakarang para sa mga Konsyumer na may Mababang Kita: Ang mga konsyumer na pinaniniwalaang ang kita ng sambahayan ay mas mababa kaysa sa 200% ng pederal na linya ng kahirapan kung: sinumang miyembro ng sambahayan ng konsyumer ay: (i) kasalukuyang tumatanggap ng mga sumusunod na benepisyo: CalWORKS, CalFresh, pangkalahatang tulong, Medi-Cal, SSI/State Supplementary Payment Program o California Special Supplemental Nutrition Program para sa mga Kababaihan, Sanggol at Bata; o (ii) kapag ipinahayag ng konsyumer na ang taunang kita ng sambahayan ay mas mababa sa 200% ng pederal na antas ng kahirapan. Kung ipinapakita ng konsyumer ang alinman sa mga kalagayang iyon, kung gayon naaangkop ang mga sumusunod:

1. Mga Singil sa Muling Pagkakabit: Kung ang ikakabit muli ang serbisyong itinigil, ang mga singil ng muling pagkakabit sa panahon ng normal na oras ng paggana ng Lungsod ay hindi maaaring lumampas ng \$50.00. Ang mga singil na iyon ay hindi maaaring lumampas sa aktwal na gastos ng pagkakabit kung ang gastos na iyon ay mas mababa pa sa itinakda ng batas na hangganan. Ang mga hangganang iyon ay maaaring ibagay taun-taon sa mga pagbabago sa Indeks ng Presyong Pang-konsyumer para sa Lahat ng mga Konsyumer na Tagalunsod, San Francisco-Oakland-San Jose, simula Enero 1, 2021.
2. Pagpapaubaya sa Interes: Hindi dapat magpataw ang Lungsod ng anumang singil na interes sa mga delingkwenteng bayarin.

F. Senaryong Kasero-Nakatira: Ang mga pamamaraan sa baba ay naaangkop sa mga indibidwal na naka-metrong nakahiwalay na solong-pamilyang tirahan, maramihang-yunit na mga istrukturang residensyal at mga mobile na home park kung saan ang may-ari o tagapamahala ay ang nakatalang konsyumer at responsable sa pagbabayad ng singil sa tubig.

1. Kinakailangang Abiso:

Magsasagawa ang Lungsod ng isang kagandahang loob na pagsisikap na ipaalan sa mga nakatira sa pamamagitan ng nakasulat na abiso na ang account ay mayroong atraso at may posibilidad na matigil ang serbisyo sa tubig sa loob ng sampung (10) araw ng kalendaryo bago itigil kung ang ari-arian ay maramihang-yunit na istrukturang residensyal o mobile na home park o pitong (7) araw sa kalendaryo bago kung ang ari-arian ay nakahiwalay na solong-pamilya ang naninirahan.

b. Ang nakasulat na abiso ay dapat ding ipaalam sa mga nakatira/nangungupahan na mayroon silang karapatan na maging konsyumer na siyang sisingilin para sa serbisyo (tingnan ang Subdibisyon 2, sa ibaba), nang hindi kinakailangang bayaran ang anumang delingkwenteng halaga.

2. Pagiging Konsyumer ng mga Nakatira/Nangungupahan:

a. Hindi kinakailangang ibigay ng Lungsod ang serbisyo sa mga nakatira/nangungupahan maliban na lamang kung pumapayag ang bawat nakatira/nangungupahan sa mga tuntunin at kondisyon para sa serbisyo at nakatugon sa mga kinakailangan at patakaran ng Lungsod.

b. Gayunpaman, kung (i) isa o higit pang mga nakatira/nangungupahan ay sasaluhin ang responsibilidad para sa mga susunod na singil sa account batay sa ikasisiya ng Lungsod, o (ii) mayroong pisikal na paraan para itigil nang pili ang serbisyo sa mga nakatira/nangungupahan na hindi natugunan ang mga kinakailangan ng lungsod, kung gayon gagawin lamang na magagamit ang serbisyong ito tanging sa mga nakatira/nangungupahan lamang na nakatugon sa mga kinakailangan.

c. Kung ang serbisyo noon para sa isang partikular na tagal ng panahon ay ang kondisyon para makapagtatag ng kredito sa Lungsod, kung gayon ang paninirahan sa ari-arian at ang patunay ng maagap na pagbabayad ng upa sa ikasisiya ng Lungsod ay isang nakasisiyang katumbas.

d. Kung ang isang nakatira/nangungupahan ay magiging konsyumer ng Lungsod at ang mga pagbabayad ng upa ng nakatira/nangungupahan ay may kabilang na singil para sa residensyal na serbisyo sa tubig kung saan ang mga singil na iyon ay hindi hiwalay na nakasaad, maaaring ibawas ng nakatira/nangungupahan sa mga pagbabayad ng upa sa hinaharap ang lahat ng mga makatwirang singil na binayaran sa Lungsod sa panahon ng dating pagbabayad.

III. Mga Alternatibong Kaayusan sa Pagbabayad:

Para sa sinumang konsyumer na makakatugon sa tatlong kondisyon sa ilalim ng Seksyon II(C), sa itaas, alinsunod sa prosesong ipinahayag sa Seksyon II(D), sa itaas, kailangang mag-alok ang Lungsod sa konsyumer ng isa sa mga sumusunod na alternatibong kaayusan sa pagbabayad, na pipiliin ng Lungsod sa sarili nitong kapasiyahan:

- (i) amortisasyon ng hindi pa nababayaranang balanse sa ilalim ng Subdibisyon (A), sa ibaba;
- (ii) Alternatibong iskedyul ng pagbabayad sa ilalim ng Subdibisyon (B), sa ibaba;
- (iii) bahagya o buong pagbabawas sa hindi pa nababayaranang balanse sa ilalim ng Subdibisyon (C), sa ibaba; o
- (iv) pansamantalang pagpapaliban ng pagbabayad sa ilalim ng Subdibisyon (D), sa ibaba. Ang Direktor ng mga Administratibong Serbisyo, o ang kanyang itinalaga, ay dapat na, sa paggamit ng makatwirang pagpapasya, piliin ang pinaka angkop na alternatibong kaayusan sa pagbabayad pagkatapos repasuhin ang impormasyon at dokumentasyon na ibinigay ng konsyumer at pagsasaalang-alang ng kalagayang pinansyal ng konsyumer at ng pangangailangan sa bayad ng Lungsod.

A. Amortisasyon: Sinumang konsyumer na walang kakayahang magbayad para sa serbisyo sa tubig sa loob ng normal na panahon ng pagbabayad sa Lungsod at matutugunan ang tatlong kondisyon sa ilalim ng Seksyon II(C), sa itaas, na kukumpirmahin ng Lungsod, ay maaaring, kung pipiliin ng Lungsod ang alternatibong ito, pumasok sa isang plano ng amortisasyon sa Lungsod sa mga sumusunod na tuntunin:

1. Termino: Kailangang bayaran ng konsyumer ang hindi pa nababayaranang balanse, kasama ang administratibong bayad na tinukoy sa Subdibisyon (2), sa ibaba, sa panahong hindi lalampas ng labindalawang (12) buwan, gaya ng tinukoy ng Direktor ng mga Administratibong Serbisyo ng Lungsod o ng kanyang itinalaga; sa kondisyon, gayunpaman, na ang Direktong ng mga Administratibong Serbisyo ng Lungsod o ang kanyang itinalaga, sa kanilang makatwirang pagpapasya, ay maaaring magpataw ng termino ng amortisasyong mas mahaba kaysa sa labindalawang (12) buwan para maiwasan ang hindi nararapat na paghihirap sa konsyumer. Ang hindi pa nababayaranang balanse, kasama ang naaangkop na administratibong bayad, ay kailangang hatiin sa bilang ng buwan sa panahon ng amortisasyon at ang halaga ay dapat na idagdag sa bawat buwan ng nagpapatuloy na buwanang bayarin ng konsyumer para sa serbisyo sa tubig.

2. Administratibong Bayad: Para sa anumang inaprubahang plano ng amortisasyon, sisingilin ang konsyumer ng administratibong bayad, sa halagang itatatag ng Lungsod pana-panahon, na kumakatawan sa ipinuhunan ng Lungsod sa pagpapasimula at pamamahala ng plano. Sa

kapasyahan ng Direktor ng mga Serbisyong Administratibo o ang kanyang itinalaga, ang administratibong bayad sa taunang singil gaya ng nakasaad sa Iskedyul ng Punong Kabayaran ng Lungsod ay dapat ipataw sa anumang halagang inamortisahan sa ilalim ng Subseksyon A na ito.

3. Pagsunod sa Plano: Kailangang sumunod ng konsyumer sa plano sa amortisasyon at manatiling nasa kasalukuyan dahil sa pagpapatong-patong ng singil sa mga susunod na panahon ng paniningil. Hindi na maaaring humingi ang konsyumer ng higit pang amortisasyon ng anumang susunod na hindi mababayarang singil habang nagbabayad ng mga singil sa pagkadelingkwente alinsunod sa plano ng amortisasyon. Kapag nabigo ang konsyumer na sumunod sa mga tuntunin ng plano ng amortisasyon sa loob ng animnapung (60) araw sa kalendaryo o higit pa, o mabigong magbayad ang konsyumer ng kasalukuyang singil sa serbisyo sa loob ng animnapung (60) araw sa kalendaryo o higit pa, maaaring itigil ng Lungsod ang serbisyo sa tubig sa ari-arian ng konsyumer limang (5) araw ng negosyo matapos magpaskil ang Lungsod sa tahanan ng konsyumer ng pinal na abiso sa layunin nitong itigil ang serbisyo.

B. Alternatibong Iskedyul ng Pagbabayad: Sinumang konsyumer na walang kakayahang magbayad sa serbisyo ng tubig sa loob ng normal na panahon ng pagbabayad sa Lungsod at matutugunan ang tatlong kondisyon sa ilalaim ng Seksyon II(C), sa itaas, gaya ng kukumpirmahin ng Lungsod, ay maaaring, kung pipiliin ng Lungsod ang alternatibong ito, pumasok sa isang alternatibong iskedyul ng pagbabayad para sa hindi pa nababayarang balanse alinsunod sa mga sumusunod:

1. Panahon ng Pagbabayad: Kailangang bayaran ng konsyumer ang hindi pa nababayarang balanse, kasama ang administratibong bayad na tinukoy sa Subdibisyon (2), sa ibaba, sa panahong hindi lalampas ng labindalawang (12) buwan, gaya ng tinukoy ng Direktor ng mga Administratibong Serbisyo ng Lungsod o ng kanyang itinalaga; sa kondisyong, gayunpaman, ang Direktor ng mga Administratibong Serbisyo ng Lungsod o ng kanyang itinalaga, sa kanilang makatwirang pagpapasya, ay maaaring pahabain ang panahon ng pagbabayad ng lampas sa labindalawang (12) buwan para maiwasan ang hindi nararapat na paghihirap ng konsyumer.

2. Administratibong Bayad: Para sa anumang inapubahang alternatibong iskedyul ng pagbabayad, sisingilin ang konsyumer ng administratibong bayad, sa halagang itatatag ng Lungsod pana-panahon, na kumakatawan sa ipinuhunan ng Lungsod sa pagpapasimula at pamamahala ng plano. Sa kapasyahan ng Direktor ng mga Serbisyong Administratibo o ang kanyang itinalaga, ang administratibong bayad sa taunang singil gaya ng nakasaad sa Iskedyul ng Punong Kabayaran ng Lungsod ay dapat ipataw sa anumang halagang inamortisahan sa ilalim ng Subseksyon B na ito.

3. Iskedyul: Matapos konsultahin ang konsyumer at isaalang-alang ang limitasyon sa pinansya ng konsyumer, ang Direktor ng mga Administratibong Serbisyo ng Lungsod o ang kanyang itinalaga ay magpapaunlad ng isang alternatibong iskedyul ng pagbabayad na pagkakasunduan kasama ang konsyumer. Ang alternatibong iskedyul na iyon ay magbibigay ng pamanahunang kabuuang pagbabayad na hindi magkakasabay sa itinatag na petsa ng pagbabayad ng Lungsod, maaaring gawing mas madalas ang pagbabayad kaysa sa buwanan, o maaaring gawing mas madalang ang pagbabayad kaysa sa buwanan, sa kondisyong sa lahat ng mga kaso, na napapailalim sa Subdibisyon (1), sa itaas, ang hindi pa nababayaranang balanse at administratibong bayad ay kailangang bayaran nang buo sa loob ng labindalawang (12) buwan ng pagkakatatag ng iskedyul sa pagbabayad. Ang pinagkaisahang iskedyul ay dapat ipahayag nang nakasulat at ibigay sa konsyumer.

4. Pagsunod sa Plano: Kailangang sumunod ng konsyumer sa pinagkaisahang iskedyul ng pagbabayad at manatiling nasa kasalukuyan dahil sa pagpapatong-patong ng singil sa mga susunod na panahon ng paniningil. Hindi na maaaring humingi ng mas mahabang iskedyul ng pagbabayad ng anumang susunod na hindi mababayaranang singil habang nagbabayad ng mga singil sa pagkadelingkwente alinsunod sa plano ng amortisasyon. Kapag nabigo ang konsyumer na sumunod sa mga tuntunin ng plano ng amortisasyon sa loob ng animnapung (60) araw sa kalendaryo o higit pa, o mabigong magbayad ang konsyumer ng kasalukuyang singil sa serbisyo sa loob ng animnapung (60) araw sa kalendaryo o higit pa, maaaring itigil ng Lungsod ang serbisyo sa tubig sa ari-arian ng konsyumer limang (5) araw ng negosyo matapos magpaskil ang Lungsod sa tahanan ng konsyumer ng pinal na abiso sa layunin nitong itigil ang serbisyo.

C. Pagbabawas ng Hindi Nabayaranang Balanse: Sinumang konsyumer na walang kakayahang bayaran ang serbisyo sa tubig sa loob ng normal na panahon ng pagbabayad sa Lungsod at matutugunan ang tatlong kondisyon sa ilalalim ng Seksyon II(C), sa itaas, na kukumpirmahin ng Lungsod, ay maaaring, kung pipiliin ng Lungsod ang alternatibong ito, makatanggap ng pagbabawas sa hindi pa nababayaranang balanse na utang ng konsyumer, na hindi lalampas sa sampung porsyento (10%) ng balanseng iton nang walang pag-aapruba at aksyon ng Konseho ng Lungsod; sa kondisyong ang nabanggit na pagbabawas ay popondohan ng isang pagkukunang hindi na magresulta sa mga karagdagang singil na ipapataw sa ibang konsyumer ng Lungsod. Ang proporsyon ang anumang pagbabawas ay matutukoy ayon sa pangangailangang pinansyal ng konsyumer, kondisyon at pangangailangang pinansyal ng Lungsod at ang pagkakaroon ng pondo para maisagawa ang pagbabawas sa hindi pa nababayaranang balanse ng konsyumer.

1. Panahon ng Pagbabayad: Kailangang bayaran ng konsyumer ang binawasang balanse sa nakatakandang petsa na tinukoy ng Direktor ng mga

Administratibong Serbisyo ng Lungsod o ng kanyang itinalaga, na ang petsa (ang “Petsa ng Binawasang Pagbabayad”) ay dapat labinlimang (15) araw sa kalendaryo matapos ang epektibong petsa ng pagbabawas sa hindi pa nababayarang balanse.

2. Pagsunod sa Petsa ng Binawasang Pagbabayad: Kailangang bayaran ng konsyumer ang binawasang balanse sa o bago ang Petsa ng Binawasang Pagbabayad at kailangang manatiling nasa kasalukuyan sa pagbabayad nang buo ng anumang singil na magpapatong-patong sa bawat susunod na panahon ng paniningil. Kapag nabigo ang konsyumer na bayaran ang halaga ng binawasang kabayaran sa loob ng animnapung (60) araw sa kalendaryo pagkatapos ng Petsa ng Binawasang Pagbabayad, o mabigong magbayad ang konsyumer ng kasalukuyang singil sa serbisyo sa loob ng animnapung (60) araw sa kalendaryo o higit pa, maaaring itigil ng Lungsod ang serbisyo sa tubig sa ari-arian ng konsyumer limang (5) araw ng negosyo matapos magpaskil ang Lungsod sa tahanan ng konsyumer ng pinal na abiso sa layunin nitong itigil ang serbisyo.

D. Pansamantalang Pagpapaliban ng Pagbabayad: Sinumang konsyumer ang walang kakayahan na bayaran ang serbisyo sa tubig sa loob ng normal na panahon ng pagbabayad sa Lungsod at matutugunan ang tatlong kondisyon sa ilalim ng Seksyon II(C), sa itaas, na kukumpirmahin ng Lungsod, ay maaaring, kung pipiliin ng Lungsod ang alternatibong ito, pansamantalang maipagpaliban ang pagbabayad sa hindi pa nababayarang balanse ng hanggang anim (6) na buwan pagkatapos ang takdang pagbabayad. Tutukuyin ng Lungsod, sa sarili nitong kapasyahan, kung gaano katagal ang pagpapalibang ibibigay sa konsyumer.

1. Panahon ng Pagbabayad: Kailangang bayaran ng konsyumer ang hindi pa nababayarang balanse sa ipinagpalibang petsa (ang “Petsa ng Ipinagpalibang Bayad”) na tinukoy ng Direktor ng mga Administratibong Serbisyo ng Lungsod o ng kanyang itinalaga. Ang Petsa ng Ipinagpalibang Bayad ay dapat nasa loob ng labindalawang (12) buwan mula sa petsa na naging delingkwente ang hindi pa nababayaran balanse; sa kondisyong, gayunpaman, ang Direktor ng mga Administratibong Serbisyo o ang kanyang itinalaga, sa kanilang makatwirang pagpapasya, ay maaaring magtatag ng Petsa ng Ipinagpalibang Bayad ng panahong higit sa labindalawang (12) buwan para maiwasan ang hindi nararapat na paghihirap ng konsyumer.

2. Pagsunod sa Petsa ng Ipinagpalibang Bayad: Kailangang bayaran ng konsyumer ang ipinagpalibang bayad sa o bago ang Petsa ng Ipinagpalibang Bayad at manatiling nasa kasalukuyan ng pagbabayad nang buo sa anumang singil na magpapatong-patong sa bawat susunod na panahon ng paniningil. Kapag nabigo ang konsyumer na bayaran ang hindi pa nababayarang halaga sa loob ng animnapung (60) araw sa kalendaryo

pagkatapos ng Petsa ng Ipinagpalibang Bayad, o mabigong magbayad ang konsyumer ng kasalukuyang singil sa serbisyo sa loob ng animnapung (60) araw sa kalendaryo o higit pa, maaaring itigil ng Lungsod ang serbisyo sa tubig sa ari-arian ng konsyumer limang (5) araw ng negosyo matapos magpaskil ang Lungsod sa tahanan ng konsyumer ng pinal na abiso sa layunin nitong itigil ang serbisyo.

IV. Mga Apela:

Ang pamamaraan na gagamitin para mag-apela sa halagang inihayag sa anumang bayarin para sa residensyal na serbisyo sa tubig ay ang sumusunod:

A. Paunang Apela: Sa loob ng sampung (10) araw ng pagkakatanggap ng bayarin para sa serbisyo sa tubig, mayroong karapatan ang konsyumer na magpasimula ng apela o pagrepaso sa anumang bayarin o singil na ipinataw ng Lungsod. Ang ganitong kahilingan ay kailangang gawin nang nakasulat at ihatid sa Kagawaran ng mga Administratibong Serbisyo ng Lungsod. Hangga't sa ang apela ng konsyumer at anumang resulta ng imbestigasyon ay nakabinbin, hindi maaaring itigil ng Lungsod ang serbisyo sa tubig ng konsyumer.

B. Apela sa Abiso ng Lampas sa Taning: Dagdag sa mga karapatan sa apela na makikita sa ilalim ng Subseksyon A, sa itaas, sinumang konsyumer na makakatanggap ng isang Abiso ng Lampas sa Taning ay maaaring humingi ng apela o pagrepaso ng bayarin na tinutukoy sa Abiso ng Lampas sa Taning limang (5) araw pagkatapos ang petsa ng Abiso ng Lampas sa Taning kung naninindigan ang konsyumer na may pagkakamali sa bayarin tungkol sa dami ng nakonsumong tubig sa bayaring iyon; sa kondisyong, gayunpaman, na walang karapatan sa apela o hiling para sa pagrepaso ang maaaring ibigay sa anumang bayarin kung saan ang apela o hiling sa pagrerepaso sa ilalim ng Subseksyon A, sa itaas, ay nagawa. Anumang apela o hiling sa pagrerepaso sa ilalim ng Subseksyon B na ito ay kailangang nakasulat at maglakip ng mga dokumentasyong sumusuporta sa apela o dahilan para sa pagrerepaso. Ang kahilingan para sa apela o pagrerepaso ay kailangang ihatid sa Kagawaran ng mga Administratibong Serbisyo ng Munisipyo sa loob ng limang (5) araw ng negosyong panahon na iyon. Hangga't sa ang apela ng konsyumer at anumang resulta ng imbestigasyon ay nakabinbin, hindi maaaring itigil ng Lungsod ang serbisyo sa tubig ng konsyumer.

C. Pagdinig sa Apela: Kasunod sa pagtanggap ng kahilingan para sa apela o pagrepaso sa ilalim ng mga Subseksyon A o B, sa itaas, itatakda ang petsa ng pagdinig sa Direktor ng mga Administratibong Serbisyo, o kanyang itinalaga (ang "Opisyal ng Pagdinig"). Matapos ang pagsusuri sa ibinigay na ebidensya ng konsyumer at sa impormasyon naka-file sa Lungsod tungkol sa mga kinukwestyong singil sa tubig, magbibigay ang Opisyal sa Pagdinig ng desisyon sa kawastuhan ng mga singil sa tubig na nakahayag sa bayarin at bibigyan ang umaapelang konsyumer ng maikling nakasulat na buod ng naging desisyon.

1. Kung ang mga singil sa tubig ay natukoy na mali, magbibigay ang Lungsod ng itinamang invoice at ang pagbabayad sa mga binagong singil

ay kailangang bayaran sa loob ng sampung (10) araw sa kalendaryo sa petsa ng itinamang invoice para sa mga binagong singil. Kung ang mga binagong singil ay nananatiling hindi nababayaran nang higit sa animnapung (60) araw sa kalendaryo mula nang ibigay ang itinamang invoice, ititigil ang serbisyo sa tubig, sa susunod na araw ng pagtatrabaho pagkalipas ng panahon ng animnapung (60) araw sa kaelndaryo; sa kondisyong ibibigay ng Lungsod sa konsyumer ang Abiso ng Lampas sa Taning alinsunod sa Seksyon II(B)(2), sa itaas at ang mga pamamaraang inilarawan sa itaas ay masunod.

2. (a) Kung ang mga kinukuwestiyong singil sa tubig ay natukoy na tama, kailangang bayaran ang mga singil sa tubig sa Nakatakdang Petsa na tinukoy sa itaas o sa loob ng dalawang (2) araw ng negosyo pagkatapos maipataw ang desisyon ng Opisyal sa Pagdinig o alinman ang mas nahuli. Anumang katulad na apela ay kailangang maipasa nang nakasulat sa loob ng pitong (7) araw sa kalendaryo pagkatapos maipataw ang desisyon ng Opisyal sa Pagdinig kung ang apela o ang pagrepaso ay isang panimulang apela sa ilalim ng Subdibisyon A sa itaas, o sa loob ng tatlong (3) araw sa kalendaryo kung ang apela o pagrepaso ay isang apela sa Abiso ng Lampas sa Taning sa ilalim ng Subdibisyon B, sa itaas. Ang pagdinig sa apela ay magaganap sa susunod na regular na pagpupulong ng Konseho ng Lungsod, maliban na lamang kung ang konsyumer at Lungsod ay magkakaisa sa mas huling petsa.

(b) Para sa panimulang apela sa ilalim ng Subdibisyon A, sa itaas, kung ang konsyumer ay hindi napapanahong mag-apela sa Konseho ng Lungsod, ang mga kinukuwestiyong singil sa tubig ay dapat na kaagad bayaran sa Nakatakdang Petsa. Sa panahong hindi mabayaran nang buo ang mga singil sa loob ng animnapung (60) araw sa kalendaryo pagkatapos ng orihinal na petsa ng paniningil, kailangang magbigay ang Lungsod ng Abiso ng Lampas sa Taning alinsunod sa Seksyon II(B)(2), sa itaas, at magpatuloy sa posibleng pagtitigil ng serbisyo sa ari-arian ng konsyumer.

(c) Para sa apela sa Abiso ng Lampas sa Taning sa ilalim ng Subdibisyon B, sa itaas, kung hindi napapanahon ang pag-apela ng konsyumer sa Konseho ng Lungsod, maaaring maitigil ang serbisyo ng tubig sa pinag-uusapang ari-arian sa nakasulat o itinawag na abiso sa konsyumer na ibibigay dalawampu't apat (24) na oras pagkatapos mangyari ang: (i) paglipas ng orihinal na animnapung (60) araw sa kalendaryo na panahon ng abisong inihayag sa Abiso ng Lampas sa Taning; o (ii) paglipas ng panahon ng apela.

3. Kapag nakahingi ng pagdinig sa Konseho ng Lungsod, ang katulad na kahilingan ay dapat nakasulat at ihatid sa Kagawaran ng mga Administratibong Serbisyo ng Munisipyo. Kailangang personal na magpakita ng konsyumer sa Konseho ng Lungsod at magpakita ng

ebidensya at mga dahilan kung bakit hindi wasto ang mga kinukwestiyong singil sa tubig sa bayarin. Susuriin ng Konseho ng Lungsod ang ipinakitang ebidensya ng konsyumer, pati na rin ang impormasyong naka-file sa Lungsod tungkol sa kinukwestiyong singil sa tubig at magbigay ng desisyon tungkol sa kawastuhan ng nasabing mga singil.

a) Kung makikita ng Konseho ng Lungsod na ang singil sa tubig, bibigyan ang konsyumer ng itinamang invoice para sa mga binagong singil. Kung ang mga binagong singil ay nananatiling hindi nababayaran nang higit sa animnapung (60) araw sa kalendaryo mula nang ibigay ang itinamang invoice, ititigil ang serbisyo sa tubig, sa susunod na araw ng pagtatrabaho pagkalipas ng panahon ng animnapung (60) araw sa kalendaryo; sa kondisyong ibibigay ng Lungsod sa konsyumer ang Abiso ng Lampas sa Taning alinsunod sa Seksyon II(B)(2), sa itaas. Maibabalik lamang ang serbisyo sa tubig pagkatapos mabayaran nang buo ang mga natitirang singil sa tubig at anuman at lahat ng mga aplikableng singil sa muling pagkakabit.

b) Kung ang mga kinukwestiyong singil sa tubig ay matukoy na tama, ang mga singil sa tubig ay kailangang bayaran at mababayaran sa loob ng dalawang (2) araw ng negosyo pagkatapos maipataw ang desisyon ng Konseho ng Lungsod, o animnapung (60) araw sa kalendaryo pagkatapos ng orihinal na nakatakdang petsa, alinman ang mahuhuli. Kung ang Abiso ng Lampas sa Taning ay hindi pa naibibigay, kailangang magbigay ng Lungsod sa konsyumer ng Abiso ng Lampas sa Taning alinsunod sa Seksyon II(B)(2), sa itaas, at maaaring magpatuloy sa posibleng pagtitigil ng serbisyo sa ari-arian ng konsyumer.

c) Anumang sobrang singil ay ipapakita bilang kredito sa susunod na regular na bayarin ng konsyumer.

d) Hindi maaaring itigil ang serbisyo sa tubig ng sinumang konsyumer anumang oras habang may nakabinbing apela ang konsyumer sa Lungsod o sa Konseho ng Lungsod.

e) Pinal at dapat na sundin ang desisyon ng Konseho ng Lungsod.

V. Pagbabalik ng Serbisyo:

Upang maipagpatuloy ang serbisyo na itinigil ng Lungsod dahil sa hindi pagbabayad, kailangang magbayad ang konsyumer ng Bayad sa Muling Pagkakabit na itinatag sa pamamagitan ng resolusyon ng Konseho ng Lungsod, na paksa para sa limitasyong inihayag sa Seksyon II(E)(1), sa itaas. Sisikapin ng Lungsod ang muling pagkakabit sa pinakamaagang maaari itong maisagawa na nasa kaluwagan ng konsyumer. Kailangang gawin ng Lungsod ang muling pagkakabit nang

hindi lalampas sa pagtatapos ng susunod na regular na araw ng trabaho kasunod ng kahilingan ng konsyumer at pagbabayad ng anumang naaangkop na Bayad sa Muling Pagkakabit.

VI. Abiso Hinggil sa Wika:

Ang Polisiyang ito at mga abiso ay kinakailangan sa ilalim ng SB 998 na makuha sa wikang Ingles, Espanyol, Tsino, Tagalog, Vietnames, Koreano, at iba pang wikang sinasalita ng sampung (10) porsyento o higit pa ng mga mamimili sa lugar ng serbisyo ng Lungsod.

VII. Hindi Awtorisadong Aksyon ng Konsyumer:

Hindi magagamit ang Polisiyang ito sa pagwawakas ng koneksyon ng serbisyo ng Lungsod dahil sa hindi awtorisadong aksyon ng konsyumer.